*Abril 24, 2019*

## Pahayag ng Tagapangulo ng CHED kaugnay ng dami ng mga nagnanais maging benepisyaryo ng CHED StuFAPS

Kamakailan ay naging usap-usapan sa social media at sa ilang balita ang haba ng pila ng mga estudyanteng nagnanais maging benepisyaryo ng Student Financial Assistance Programs (STuFAPS) mula sa Commission on Higher Education (CHED).

Ibinalita sa isang istasyon ng telebisyon na sinisisi raw ng Komisyon ang mga estudyanteng pumipila dahil kung kailan malapit na ang deadline ay saka lamang sila nagsusumite ng aplikasyon sa CHED.

Hindi po ito totoo at hindi sinisisi ng CHED ang mga estudyanteng pumipila.

Ang tumaas na bilang ng mga estudyanteng nagnanais makakuha ng scholarships at grants-in-aid ay salamin ng dami ng kabataang nais makatuntong sa mga kolehiyo o unibersidad upang makapagtapos.

Ito ay resulta rin ng Republic Act 10931 ng administrasyong Duterte na nagbibigay pag-asa sa ating mga kabataan na sumubok makatapos sa kolehiyo.

Ipinakikita rin nito ang dami ng kabataang Pilipinong nangangailangan ng pinansiyal na tulong upang matupad ang kani-kanilang pangarap na makapag-aral.

Nililinaw ng Komisyon na hindi kasalanan ng mga aplikanteng dumagsa sa mga tanggapan ng Komisyon ang haba ng pila.

Totoo pong dumami ang mga aplikante. Nadagdagan pa ngayong araw ang bilang nila dahil sa pagkansela ng mga opisinang pampubliko kahapon kayat nabawasan ang araw ng pagproseso ng mga aplikasyon.

Simula sa susunod na taong 2020, magpapatupad na ang CHED ng panibagong sistema sa pagsusumite ng aplikasyon ng mga nais maging iskolar sa pamamagitan ng online application.

Maglalagay rin ang Komisyon sa bawat tanggapan nito ng mga drop box kung saan maaaring ihulog o iwan ng aplikante ang kani-kanilang mga dokumento o requirements para sa StuFAPS.



**J. PROSPERO E. DE VERA III, DPA**
Tagapangulo
Komisyon sa Mas Mataas na Edukasyon